



## Mga kinakailangan sa pagpapabakuna

Bago mo i-book ang iyong biyahe, tingnan kung natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng Australia para sa pagbibiyaha sa ibang bansa.

Maaari nitong maapektuhan ang iyong pagiging karapat-dapat sa pagpasok sa Australia, at kung kailangan mong mag-quarantine pagdating mo.

Kung isa kang mamamayan o permanenteng residente ng Australia, maaapektuhan din nito ang iyong pagiging karapat-dapat sa pag-alis sa Australia.

## Pagtugon sa mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng Australia

Para matugunan ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng Australia at maituring na isang biyaherong “ganap nang nabakunahan” para sa layunin na makatawid sa border ng Australia, kailangan mong magbigay ng ebidensya na ikaw ay alinman sa:

- nakakatugon sa kahulugan ng Australia sa [ganap nang nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa](#)
- isang [batang wala pang 12 taong gulang](#)
- isang [batang edad 12 hanggang 17 taong gulang na magbibiyaha na may kasamang kahit isang nasa hustong gulang na ganap nang nabakunahan](#); o
- [hindi puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan](#).

Kung natugunan mo ang alinman sa mga nabanggit na kategorya, dapat mong sundin ang sumusunod na mga hakbang sa pagpasok sa Australia para sa mga nabakunahang biyahero.

Kung hindi mo natugunan ang alinman sa mga nabanggit na kategorya, dapat mong sundin ang sumusunod na mga hakbang sa pagpasok sa Australia para sa mga hindi nabakunahang biyahero.

**Puwedeng kanselahin ang visa, makulong, at mapaalis ang mga may-ari ng visa na darating sa Australia kung sila ay:**

- hindi ganap na nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpasok sa border ng Australia; o
- walang medical contraindication sa isang bakuna laban sa COVID-19 ayon sa ibinigay na kahulugan ng Pamahalaan ng Australia; o
- wala sa kategoryang may pahintulot o walang indibidwal na pahintulot sa pagbibiyaha.

## **Ganap nang nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa**

Itinuturing kang ganap nang nabakunahan para sa layunin ng pagpasok at paglabas sa Australia kung nakumpleto mo na ang pangunahing kurso ng bakunang inaprubahan o kinikilala ng [Therapeutic Goods Administration \(TGA\)](#). Kabilang dito ang magkakahalang dosis.

[Ang mga kasalukuyang inaprubahan o kinikilalang bakuna at dosis](#) na tinatanggap para sa mga layunin ng pagbibiyaha ay:

- Dalawang dosis na may pagitan na hindi bababa sa 14 na araw ng:
  - AstraZeneca Vaxzevria
  - AstraZeneca Covishield
  - Pfizer/Biontech Comirnaty
  - Moderna Spikevax o Takeda
  - Sinovac Coronavac
  - Bharat Biotech Covaxin
  - Sinopharm BBIBP-CorV para sa mga taong wala pang 60 taong gulang kapag pumasok sila sa Australia
  - Gamaleya Research Institute Sputnik V
  - Novavax/Bioelect Nuvaxovid

o

- Isang dosis ng:
  - Johnson & Johnson/ Janssen-Cilag COVID Vaccine

**at** lumipas na ang hindi bababa sa 7 araw mula noong huling dosis ng bakuna sa kurso ng pagbabakuna.

Itinuturing na ganap nang nabakunahan ang mga nakatanggap ng magkakahalang dosis para sa pagbibiyaha sa ibang bansa hangga't inaprubahan at kinilala ng TGA ang lahat ng bakuna. Sinusuri ng [TGA](#) ang iba pang bakuna laban sa COVID-19 na maaaring kilalanin para sa mga layunin ng papasok na pagbibiyaha papunta sa Australia sa hinaharap.

Lahat ng nasa Australia ay puwedeng makakuha ng bakuna laban sa COVID-19 nang libre, kasama na ang mga may-ari ng visa sa Australia, hindimamamayan na walang may bisang visa at mga taong nakatira sa mga pasilidad na pang-detensyon ng imigrasyon.

## Pagbibigay ng ebidensya na nabakunahan ka na

Kakailanganin mong magpakita ng ebidensya sa mga kawani ng airline ng na natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng Australia para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa.

Hihilingin din sa iyo na ibigay ang ebidensyang ito bago ka pumasok sa Australia sa pamamagitan ng pag-upload nito kapag nakumpleto mo na ang [Digital na Deklarasyon ng Pasahero](#).

Kung isa kang mamamayan o permanenteng residente sa Australia, kakailanganin mo ring ipakita sa mga kawani ng airline ang iyong ebidensya bago ka umalis sa Australia.

Kung nabakunahan ka sa Australia, kakailanganin mong ipakita sa mga kawani ng airline ang iyong [Katibayan ng Pagpapabakuna Laban sa COVID-19 para sa Ibang Bansa \(International COVID-19 Vaccination Certificate o ICVC\)](#). Puwede mong i-download ang iyong ICVC gamit ang [Express Plus Medicare app](#) o ang iyong Medicare online account sa pamamagitan ng [myGov](#). Ibibigay ang ICVC sa anyong PDF para ma-print mo ito o maitago sa elektronikong paraan sa iyong telepono. Hihingin ito ng mga airline kapag nag-check in ka sa iyong flight.

Kung nabakunahan ka sa ibang bansa at walang ICVC, kakailanganin mong magpakita ng [katibayan ng pagpapabakuna sa ibang bansa](#) sa mga kawani ng airline.

Kung nabakunahan ka sa ibang bansa at gusto mong kumuha ng ICVC, puwede mong idagdag ang iyong mga pagbabakuna sa ibang bansa sa [Australian Immunisation Register \(AIR\)](#). Pagkatapos mo itong magawa, puwede ka nang mag-apply ng ICVC.

**Tandaan** na kung mayroon kang katibayan ng pagpapabakuna, **hindi** ito awtomatikong nangangahulugan na isa ka nang biyaherong ganap nang nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa ng Australia. Halimbawa, maaaring ipakita sa iyong katibayan ng pagpapabakuna na mayroon ka lamang isang dosis ng bakunang may dalawang dosis. Dapat patunayan ng iyong katibayan ng pagpapabakuna na natutugunan mo ang kahulugan ng Australia sa [ganap nang nabakunahan para sa pagbibiyaha sa ibang bansa](#).

Responsibilidad mong malaman ang iyong katayuan sa pagpapabakuna at tingnan kung sinusuportahan ng iyong katibayan ng pagpapabakuna ang iyong pagiging karapat-dapat na magbiyahe papunta at paalis sa Australia.

## Kung hindi tumutugma sa pasaporte mo ang pangalan sa iyong katibayan ng pagpapabakuna

Kung isa kang may-ari ng pasaporte ng Australia at binago mo ang iyong pangalan, makakahanap ka ng impormasyon kung paano makakakuha ng bagong pasaporte sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa [Australian Passport Office](#).

Kung nabakunahan ka sa Australia pero hindi makakuha ng ICVC dahil ang mga detalye ng pangalan sa iyong katibayan ng pagpapabakuna ay hindi tumutugma sa iyong pasaporte, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa [Australian Immunisation Register](#).

Kung bumibiyahe ka nang may dalang katibayan ng pagpapabakuna mula sa ibang bansa na hindi tumutugma sa pangalan sa iyong pasaporte, dapat mo ring tiyakin na mayroon ka pang ibang ebidensya ng iyong pangalan, gaya ng sertipiko ng kasal o lisensya sa pagmamaneho.

## Mga kaayusan para sa mga bata

Puwedeng bumiyahe ang mga bata sa mga grupo sa ibaba sa ilalim ng parehong kaayusan gaya ng sa mga nabakunahang biyahero:

- Wala pang 12 taong gulang; o
- Edad 12 hanggang 17 taong gulang na bibiyahe nang may kasamang kahit isang nasa hustong gulang na ganap nang nabakunahan

Gagamitin din ang mga pasaporte bilang patunay ng edad para sa mga bata.

Kung isa kayong grupo ng pamilyang bumibiyahe nang may kasamang hindi pa nabakunahan o mga bahagyang nabakunahang bata, dapat din ninyong alamin ang anumang kinakailangan sa pag-quarantine o pagbubukod ng sarili para sa lahat ng estado at teritoryo kung saan ninyo pinaplanong bumiyahe. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagpasok sa estado at teritoryo](#).

## Kung hindi ka puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan

Kung hindi ka puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan, dapat kang magbigay ng katanggap-tanggap na ebidensya ng medical contraindication.

Kung magbibigay ka ng katanggap-tanggap na ebidensya, makakabiyahe ka sa ilalim ng parehong mga kaayusan sa pagbibiyahe gaya ng sa mga nabakunahang biyahero. Kakailanganin mong ipakita sa mga kawani ng airline ang iyong ebidensya bago ka bumiyahe.

Dapat mo ring tingnan ang mga kinakailangan partikular na ang mga kinakailangan sa pag-quarantine para sa lahat ng estado at teritoryo kung saan ka bibiyahe. Tingnan ang: [Mga kinakailangan sa pagdating sa estado at teritoryo](#).

**Isang hiwalay na pahintulot sa pagbibiyahae ang patunay na hindi ka puwedeng bakunahan dahil sa medical contraindication.**

**Patunay na hindi ka puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan kapag aalis sa Australia**

Kung isa kang mamamayang Australyano o permanenteng residente na paalis sa Australia, kailangan mong magpakita ng katibayan na mayroon kang medical contraindication na iniulat sa Australian Immunisation Register (AIR) para sa lahat ng available na bakuna sa Australia laban sa COVID-19. Dapat mong ibigay ang iyong [Australian COVID-19 digital certificate](#) o ang pahayag ng iyong talaan ng pagbabakuna bilang ebidensya.

Kung naitala sa AIR ang isang pansamantalang medical contraindication, ipapakita sa COVID-19 digital certificate ang petsa na “may bisa hanggang”. Pagkatapos ng panahong ito, kakailanganin mong:

- kumonsulta sa iyong doktor para malaman kung puwede ka na ngayong kumuha ng bakuna laban sa COVID-19,; o
- hilingin sa iyong doktor na i-update ang iyong katayuan sa AIR kung may bisa pa rin ang iyong medical contraindication.

Mga karapat-dapat lang na propesyonal sa kalusugan na tinukoy sa [Services Australia](#) ang puwedeng mag-ulat ng mga medical contraindication sa AIR. Kung hindi mo maipapakita na naiulat sa AIR ang iyong medical contraindication, kakailanganin mong mag-apply ng pahintulot na umalis sa Australia.

**Kung hindi ka makakapagbigay ng katanggap-tanggap na ebidensya na nakatala sa AIR ang iyong medical contraindication, kailangan mong [mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyahae para makaalis sa Australia](#).**

**Patunay na hindi ka puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan kapag pumapasok sa Australia**

Para ma-access ang parehong mga kaayusan sa pagbibiyahae gaya ng mga biyaherong ganap nang nabakunahan, dapat kang magbigay ng katanggap-tanggap na patunay na hindi ka puwedeng bakunahan para sa medikal na kadahilanan.

Kung papasok ka sa Australia at may medical contraindication na nakatala sa Australian Immunisation Register (AIR), puwede kang magpakita ng [Australian COVID-19 digital certificate](#) sa mga kawani ng airline. O kaya naman ay puwede mong ibigay ang iyong pahayag sa talaan ng pagbabakuna.

Kung wala kang medical contraindication na nakatala sa AIR, kakailanganin mong ipakita sa mga kawani ng airline ang medikal na sertipiko na nagsasabing hindi ka puwedeng mabakunahan ng bakuna laban sa COVID-19 dahil sa isang medikal na kondisyon. Dapat ay nakasulat sa English ang medikal na sertipiko at kasama ang sumusunod na impormasyon:

- iyong pangalan (kailangang tumugma ito sa iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan sa pagbibiyahe)
- petsa ng medikal na pagpapakonsulta at mga detalye ng iyong doktor
- mga detalye na malinaw na kumikilala na mayroon kang isang medikal na kondisyon na nangangahulugang hindi ka puwedeng tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 (contraindicated ang pagpapabakuna).

*Tandaan na hindi kasama sa kategoryang ito ang mga taong nakatanggap ng mga bakuna na hindi inaprubahan o kinikilala ng TGA.*

***Ipinapayo ng [Department of Health](#) na ang nakaraang impeksyon sa COVID-19 ay hindi maituturing na medical contraindication para sa pagpapabakuna laban sa COVID-19.***

Makakahanap ang iyong doktor ng impormasyon sa mga medikal na kondisyon na may contraindication sa pagpapabakuna sa website ng Department of Health. Kasama rin sa website ang impormasyon sa mga kondisyon na **hindi** dapat ituring na may contraindication sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 at **hindi** tinatanggap para sa layunin ng medikal na pagbubukod sa pagpapabakuna para sa pagbibiyahe sa Australia. **Tingnan ang:** [Ebidensya ng Medical Contraindication sa bakuna laban sa COVID-19](#).

Responsibilidad mong tiyakin na natutugunan ng iyong patunay ang mga kahilingang ito. Hihilingin ng mga airline ang iyong katibayan saag-check in.

Dapat mo ring tingnan ang anumang kinakailangan, partikular na ang mga kinakailangan sa pag-quarantine at pag-test pagkarating para sa lahat ng [estado at teritoryo kung saan ka bibiyahe](#).

Kung nagpaplano ka pang bumiyahe papunta sa o dumaan sa iba pang estado o teritoryo pagdating mo sa Australia, kailangan mong alamin ang [mga paghihigpit sa lokal na pagbibiyahe](#). Puwedeng maglapat ng kani-kanilang sariling mga paghihigpit sa pagbibiyahe ang mga estado at teritoryo.

Responsibilidad mong sumunod sa mga paghihigpit at kinakailangan sa pagbibiyahe na naaangkop sa iyo.

**Kung hindi ka makakapagbigay ng katanggap-tanggap na medikal na ebidensya, kakailanganin mong mag-apply para sa [pahintulot sa pagbibiyahe](#) para makabiyahe sa Australia.**

# Pagpapasuri kaugnay ng COVID-19

Kinakailangan ang isang negatibong resulta ng pagpapasuri kaugnay ng COVID-19 para makapasok o makadaan sa Australia.

Dapat kang magbigay ng ebidensya, na alinman sa

- isang negatibong resulta ng test na COVID-19 Polymerase Chain Reaction (PCR) o iba pang Nucleic Acid Amplification Test (NAAT) na kinuha sa loob ng 3 araw bago ang nakaiskedyul na pag-alis ng iyong flight,
- isang patunay ng negatibong Rapid Antigen Test (RAT) na kinuha sa ilalim ng medikal na pagsubaybay sa loob ng 24 oras bago ang nakaiskedyul na pag-alis ng iyong flight , na kailangang ibigay sa iyong airline kapag nag-check in ka.

Kapag naantala ang iyong flight, ituturing ka pa ring nakatugon sa mga kinakailangan sa pagpapasuri bago ang pag-alis. Hindi mo na kakailanganin ng bagong pagpapasuri.

Gayunpaman, kung muling naiskedyul o nakansela ang iyong flight, kakailanganin mong magbigay ng patunay ng negatibong PCR test kaugnay ng COVID-19 na kinuha sa loob ng hindi hihigit sa 3 araw bago ang muling naiskedyul na flight o isang RAT na kinuha sa loob ng 24 na oras bago ang muling naiskedyul na flight.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa ebidensya na kailangan mong ibigay sa [website ng Department of Health](#). Kabilang dito ang:

- mga kinakailangan sa pagpapasuri kaugnay ng COVID-19, kasama ang
  - mga katanggap-tanggap na test
  - ang partikular na ebidensyang kailangan
  - isang listahan ng mga bansa na may mas mahabang panahon para sa pagpapasuri
  - isang listahan ng mga bansa na may pahintulot na hindi magpasuribago ang pag-alis
- ang dapat gawin kung positibo ang resulta ng iyong pagpapasuri kung nagkaroon ka at gumaling mula sa COVID-19

Responsibilidad mong tingnan ang mga kinakailangan sa pagpapasuri at patunay ng pagpapabakuna para sa lahat ng bansa kung saan ka bibiyahe.

Kinakailangan din sa karamihan ng mga estado at teritoryo na magpasurit ka agad kaugnay ng COVID-19 pagkarating mo. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating sa estado at teritoryo](#).